O Allah, Ikaw ang bisig ko, ang tagatulong ko; dahil sa Iyo, kikilos ako, lulusob ako, at makikipaglaban ako.

Ayon kay Anas bin Mālik, malugod si Allah sa kanya: "O Allah, Ikaw ang bisig ko, ang tagatulong ko; dahil sa Iyo, kikilos ako, lulusob ako, at makikipaglaban ako."
[Tumpak] [Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy - Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud]

Ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, kapag nagnais siya na sumalakay o magsimula nito ay nagsasabi ng ganito ang kahulugan: "O Allah, Ikaw ang magpapawagi sa akin, ang tagatulong sa akin; dahil sa Iyo lamang lilipat ako mula sa isang kalagayan tungo sa iba pa, dahil sa Iyo lamang sasalakay ako sa mga kaaway ng Relihiyon, at dahil sa Iyo makikipaglaban ako."

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/5024